PAHAYAGAN NG
# Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 07 APRIL 11 - 17, 2022 10.00

# DISTRIBUTION OF 67,900 PCS OF GETEXCEL TILAPIA FINGERLINGS TO 29 FARMERS AND FISHERFOLK IN CAVITE

**PFO Cavite facilitates the distribution of tilapia fingerlings to the farmers and fisherfolk in the province.**

**A total of 67,900 pcs GETEXCEL tilapia fingerlings were given to 29 recipients from the municipality/city of Bacoor, Dasmariñas, Kawit, Gen. Trias, Trece Martires, Naic, Tanza, Amadeo, Imus, and Maragondon.**

PFO Cavite staff Nilda A. Engcoy and Lawrence M. Calapan organized the distribution in coordination with LGUs. The activity was held in Office of the Provincial Agriculturist, Trece Martires City with the presence of PA Lolita Pereña.

Recipients were identified and validated based on the requests submitted to OPA and PFO. The provision of fish seeds is one of the supply services of BFAR which help the farmers and fisherfolk increase their pro




DUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY




## Cayetano gains support in latest Pulse Asia poll with eco-friendly campaign




Despite running an eco-friendly campaign that uses no printed materials and no motorcades, former House Speaker Alan Peter Cayetano maintained his high ranking in the latest survey on senatorial preferences by Pulse Asia.

Released on Wednesday, the March 2022 survey results showed Cayetano ranking second to fifth among all senatorial candidates.

The survey showed Cayetano getting 56.4 percent of votes from participants, which is a 1.4 increase from Pulse Asia's February 2022 survey. The former Speaker also has an awareness of 99 percent among voters despite having no posters or tarpaulins and not mounting motorcades.

"Nagpapasalamat ako Panginoon because He is honoring our commitment to protecting the environment," Cayetano said.

"When we mounted our eco-friendly, lead-by-example campaign in February, we knew we would face major challenges. In the sea of flyers and posters, our name would not be seen among the candidates in every corner of the country," he added.

Cayetano said he still decided to continue the new style of campaigning because he did not want to add to the election-related waste that is generated every three years.

"I think the survey results have been consistent in showing that the people appreciate and support our commitment to our cause. Hindi kasi ito pulitika, ito ay paraan para mapangalagaan ang ating kalikasan na malapit sa puso ng mga Pilipino," he said.

Cayetano also thanked his supporters for helping him in his campaign, volunteering to mount bike caravans and coastal clean-ups that further pushed his eco-friendly advocacy.

According to Pulse Asia, the survey fieldwork was conducted from March 17 – 21, 2022 using face-to-face interviews.

The nationwide survey was based on a sample of 2,400 representative adults 18 years old and above and has a ± 2% error margin at the 95% confidence level, the survey firm added.







ACCEPTING ADS - 0928-4682788/0936-0582240 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

## Doc Willie Ong - Herbal Medicines and Health Tips




### Benepisyo ng SILI (chili pepper)

Mahilig ba kayo sa sili o sa mga pagkaing maaanghang? Alam niyo ba na bukod sa pampagana ito sa ating pagkain ay may benepisyo pa ang sili.

Hindi pa ito tiyak ngunit mayroon nang pagsusuri na nagpapakita na may tulong ang sili sa ating katawan.

Ang sikretong sangkap ng sili ay ang Capsaicin. Sa katunayan, ginagawa nang supplement o capsula ang Capsaicin. Ang sili ay mayaman din sa vitamin A, vitamin C, potassium, folic acid at fiber.

Maraming klase at kulay ang sili at mayroon ding hindi maaanghang. May kulay dilaw, berde at pula (green pepper, yellow pepper at red pepper), pero mas mabisa daw ang pulang sili.

Heto ang posibleng benepisyo ng sili:

1. Para sa may diabetes – Ayon sa pag-aaral sa hayop, posibleng mapigilan ng sili ang pagkakaroon ng diabetes. Nakita din na nagpapababa ng blood sugar ang sili.

2. Pampapayat – Ang sili ay nagpapabilis ng ating metabolism at nagpapainit din ng katawan. Dahil dito, mas madali tayong makakatanggal ng calories (burning calories) para pumayat.

3. May tulong cholesterol at sakit sa puso – Ayon sa pag-aaral, maaaring mapigilan ng sili ang pagbabara sa ugat ng puso. Nagpapababa din ang lebel ng bad cholesterol sa ating katawan.

4. Nagpapaluwag ng baradong ilong dulot ng sinusitis at sipon.

5. Pang-alis ng sakit sa katawan – Ang sangkap na capsaicin ay puwedeng makaalis ng sakit sa katawan. Ang sili ay ginagawang pampahid sa masakit na joints at arthritis.

6. Marami pang pinag-aaralang benepisyo ang sili. Nalaman din na posibleng makapigil sa kanser tulad ng prostate cancer.

Para sa may almoranas, konti lang ang kainin na sili. Puwede din piliin ang siling hindi gaanong maanghang. Wala pang malinaw na rekomendasyon kung gaano karaming sili ang kakainin.

Para sa akin, wala naman masama kung paminsan-minsan tayong kumain ng sili, bilang gulay o sawsawan. Tandaan lamang na pantulong lang ito sa sakit.

Kailangan niyo pa rin magpasuri sa doktor para sa tamang gamutan. Good luck po.

## PAGLALAGAY NG EXPIRATION DATE SA MGA VACCINATION, PINAG-AARALAN NG PAMAHALAAN




Pinag-aaralan na umano ng pamahalaan ang paglalagay ng expiration date sa mga vaccination cards upang mahikayat ang publiko na magpaturok ng booster shot ayon sa isang opisyal mula sa Department of Interior and Local Government.

Sa isinagawang Laging Handa public briefing, sinabi ni DILG Undersecretary Epimaco Densing III na isa sa hakban na pinag-aaralan ng pamahalaan sa ngayon ay ang paglalagay ng 6-month expiration sa mga vaccination cards upang mapataas ang vaccination turnout sa bansa partikular na sa pagtuturok sa booster shots.

"Pangalawa, itong posibilidad na kung hindi ka pa nagpapa-booster after six months, automatic na ang inyong vax card ay expired na," saad ni Densing.

Batay sa talang inilabas ng pamahalaan noong Marso 30, tinatayang nasa 65, 885, 048 mamamayan na ang fully vaxxed kontra COVID-19 habang 12, 018, 418 pa lang ang kabuuang bilang ng mga nakatanggap ng booster shot.

Ayon kay Densing, karamihan sa mga mamamayang naturukan na ng booster shot ay mula sa National Capital Region.

Samantala, ikinababahala pa rin ng pamahalaan ang mababang vaccination rate sa ilang mga rehiyon at probinsya sa bansa tulad ng BANGSAMORO Region.

Una rito, sinabi ni Presidential Adviser for Entrepreneurship Jose "Joey" Concepcion III na nasa 27 milyong dosis ng unused vaccines ang nakatakdang mag-expire sa loob ng 3 buwan.

Source: GMA News

# EDITORYAL - Ligtas na campaign rallies, sundin sana

Mahigit isang buwan na lang at election na. Aba-lang-abala ang mga kandidato sa kanilang panga--ngampanya. Kaliwa't kanan ang campaign rallies at kahit kasuluk-sulukan ng bansa ay gustong maabot ng mga kandidato lalo na ang mga presidential aspi-rants. Wala nang tigil ang kanilang panunuyo sa mga tao para makasiguro ng panalo. Sa mga tumatakbo sa local position, nagrerenta pa sila ng mga banda o mga musikero para makaakit sa mga tao. May mga ati-atihan pang kasama ang ilang kandidato para mapansin ng publiko at magkumpol-kumpol.

Namumutiktik ang mga tao sa mga kampanyahan ngayon at ito ang labis na ikinatatakot ng health experts. Dahil sa pagdagsa ng mga tao sa campaign rallies-, posibleng magkahawahan ng COVID-19 at mag--karoon na naman ng surge. Marami sa mga tao ang hindi nagsusuot ng face mask. Wala nang ngimi na animo'y wala na ang virus kung magkumpulan.

Nagbabala ang Department of Health (DOH) na ang pagdagsa ng mga tao sa kampanya ay maaaring maging dahilan ng pagdami ng kaso. Ganito rin ang paniwala ng OCTA Research Group. Posibleng magkaroon muli ng surge ng COVID-19 kung hindi maipa-susunod sa mga campaign rally ang health protocol. Sabi ng OCTA, malalaman sa Abril at Mayo kung nag-kakaroon ng pagdami ng kaso.

Sabi ni Infectious disease experts Dr. Rontgene Solante, bagama't ang Pilipinas ay may magandang immunity sa panahong ito, hindi garantiya na tatagal. Ayon kay Solante, tatlo hanggang apat na buwan lamang ang itinatagal ng bakuna. At nangangamba siya na sa rami ng mga taong dumadalo sa kampanya at hindi na nasusunod ang health proto-cols, posib-leng magkaroon ng surge. Ayon kay Solante, maaring magkaroon nang pagdami ng kaso makalipas ang eleksiyon.

Ang ganitong senaryo ng pangangampanya ay nangyari na sa India noong Mayo 2021 kung saan dumami ang kaso ng Delta variant at 250,000 ang namatay. Sa rami ng namatay, sa open space na lamang sinu-sunog ang mga bangkay. Ang iba, itinatapon sa Ganges River.

Posibleng ganito ang mangyari sa Pilipinas kung magpapatuloy ang pagdagsa ng tao sa campaign rally. Isaisip sana ng mga kandidato at supporters ang ligtas na pangangampanya para makaiwas sa muling pagdami ng kaso. Magkaroon na ng aral sa nakaraan kung saan marami ang nagkasakit at namatay.

**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER.Ph MEMBER

ERNA BALAGTAS ANCHETA
Publisher
DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief
DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## GUHIT NG KAPALARAN

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Sa mga naga-apply ng trabaho lalo na patungong abroad, good news dahil inaayunan ng panahon ang inyong tagumpay kung lalakarin ito sa umaga. Kung may pakay sa dapit-hapon, huwag ng ituloy dahil mag-aaksaya lamang ng panahon. Lucky numbers at color for the day ang 4, 13, 21, 36 at yellow.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Magandang balita dahil may kalutasan ang matagal nang gumugulo sa isipan at bumabagabag sa damdamin. Lucky numbers at color for the day ang 6, 11, 28, 3 at avocado green.

GEMINI: (May.21-Hun. 21) Sa gawa at hindi sa salita ang sukatan ng tunay na pag-ibig. Kung may suitor, kila-lanin siya ng mabuti. Lucky numbers at color for the day ang 5, 9, 27, 35 at blue.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) May matutuklasang lihim. Kung ito ay nakakatuwa o nakakalungkot, panahon lamang ang makapagsasabi. Lucky numbers at color for the day ang 6, 10, 25, 33 at fuchsia.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Kung may binabalak, ituloy at huwag mag-alinlangan kung ito ay kabutihan. Subalit kung sa kasamaan, huwag gawin. Lucky numbers at color for the day ang pearl pink.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Sa tiyaga at sipag ang tagumpay. Subalit sa mga tamad at easy go lucky, kahirapan ang daranasin. Lucky numbers at color for the day ang 7, 16, 26, 36 ay oak brown.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Maliksi ang katawan, maganda ang mood at ang pag-iisip. Walang magiging sagabal at tiyak matatapos ang mga gawain. Lucky numbers at color for the day ang 4, 7, 16, 32 at mint green.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Ano man ang kailangan sa sarili, maganda ang balita na darating dahil madaling mapapaunlakan ng kamag-anak o kaibigan. Lucky numbers at color for the day ang metallic gray.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Ano man ang iyong kailangan, matutugunan dahil may pag-ani sa mabuting gawa. Lucky numbers at color for the day ang 5, 10, 23, 42 ay garnet red.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Ngayon ka magdiwang dahil matatanggap mo ang gantimpala sa pagpapahalaga sa iyong tungkulin. Lucky numbers at color for the day ang 3, 17, 26, 38 ay lemon green.

AQUARIUS: ( Ene. 20-Peb. 18) Kung ang hangad ay mataas na grades, magsikap sa pag-aaral. Walang mapapala kung barkada ang aatupagin. Lucky numbers at color for the day ang 6, 11, 23, 33 ay pink.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Bad day ngayon sa'yo dahil lapitin ka ng mapagsamantala. Mag-ingat, maging alerto. Lucky numbers at color for the day ang 16, 29, 36, 37 at sun yellow.




# DA hopes next administration will prioritize food security

By Stephanie Sevillano

MANILA – The next administration should put a premium on agriculture and food security, considering the impact of the coronavirus disease 2019 (Covid-19) pandemic and the ongoing Ukraine-Russia conflict, according to a Department of Agriculture (DA) official.

In the DA's 183rd virtual press conference on Tuesday, Agriculture Undersecretary Fermin Dantes Adriano said candidates who will win in the upcoming May elections should ensure food sustainability in the country by having a stable supply of basic food items like rice, livestock, poultry, corn, and net fisheries.

"Lahat sa mundo ngayon (Everyone in the world), international organization, talagang worried na worried sila sa (are very worried for) food security, at pino-project nila na (they are projecting) magde-decline ang global productivity ng (by) more than 1 percent kasi napakamahal ng fertilizer (because fertilizers are very expensive). So kailangan talagang bigyang prayoridad ng susunod na administrasyon ang agriculture (the next administration needs to prioritize agriculture)," he said.

Adriano said based on expert projection, the effects of the Ukraine-Russia conflict on food security are expected to be felt from May to August this year, with a significant decline in wheat supply, creating a ripple effect on fertilizer, oil, and other productions.

"'Yun ang harvest season, na wala na tayong mabibiling trigo, mahihirapan tayo at 'yung mais, kasi sila 'yung mga major producers, and 'yung countries like Egypt and Saudi Arabia na dependent sa trigo nila sa pagkain, ay mahihirapan at baka yung iba dun bumili ng bigas, kaya magta-tighten 'yung supply natin (That's during harvest season, we might be unable to buy wheat, it will be difficult for us, even corn, they are the major producers, countries like Egypt and Saudi Arabia which are dependent on their wheat for food might have a hard time, some might resort to buying rice, our supply will tighten)," he explained.




*PRIORITIZE AGRI. Agriculture Undersecretary Fermin Adriano, in a virtual press briefing on Tuesday (April 5, 2022), calls on candidates to prioritize food security if they win the elections. Adriano said based on expert projection, the effects of the Ukraine-Russia conflict on food security are expected to be felt from May to August this year. (Screengrab)*

He said they will come up with recommendations for the next administration to take into careful consideration.

Moreover, Adriano noted that food security deserved to receive a huge investment from the state to ensure long-term growth, citing several other countries like South Korea, Thailand, and Vietnam, which are enjoying stability amid the global challenges.

"Bakit nila kayang gawin 'yun, kasi binigyan ng prayoridad ng gobyerno nila 'yung agriculture (Why are they able to do it? Because their government prioritized agriculture). It is the basis of a sound development process. Prioritizing agricultural development is the anchor towards the sustainable development process," he said.

The DA, meanwhile, noted the country has now reached an unprecedented 92-percent self-sufficiency on rice, citing the benefits of the implementation of the Rice Tariffication Law (RTL) and the Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF). (PNA)

# 1,600 helmet na mayroong ICC stickers, kumpiskado sa Kawit

Nakumpiska ang nasa mahigit 1, 600 helmet na mayroong pekeng Import Commodity Clearance o ICC stickers sa isang warehouse sa Kawit, Cavite nitong nagdaang Miyerkules.

Batay sa inspeksyon ng mga awtoridad, sinubukan umanong i-scan ang QR code ng naturang mga helmet at dito na napag-alamang peke ang mga ICC stickers dahil kinopya lamang umano ito sa isang electrical product.

Nakumpiska rin ang 759 printed na pekeng stickers na ikakabit pa lang sana sa iba pang mga helmet sa nasabing warehouse.

"We have 1,600 helmets na nakuha today. So, 1,606 motorcycle drivers ang nagde-delikado kapag sila ang gumamit nito. Dahil uncertified nga siya, hindi natin alam kung safe 'yung produkto na gamitin o hindi," paliwanag ni Trade Undersecretary Ruth Castelo.

"Meron pang loose na ICC stickers tayong nakita. So, 'yung mga helmets na dumating na walang ICC sticker, ito 'yung ikakabit nila, na fake na ICC," kasunod pang sabi nito.

Bukod sa mababababang klase ng helmet, nadiskubre rin sa nasabing lugar ang daan daang hindi sertipikado o walang anumang markings na snap switch, exhaust fan, at iba pa.

Ayon sa initial assessment ng mga awtoridad, tinatayang nasa P30 milyon ang kabuuang halaga ng mga nasabat nilang produkto.








PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 07 | APRIL 11 - 17, 2022 | 10.00


# DOH MONITORING 'OMICRON XE' DETECTED IN THAILAND



After detection of a new variant of Omicron called "XE", the Department of Health (DOH) said on Monday, that it is coordinating with the World Health Organization (WHO) should any developments regarding it come out.

"Observation and monitoring are still ongoing on whether the variant would be categorized as a sub-variant of Omicron or a new variant to be named by WHO should it display any significant change in characteristics," DOH said in a statement.

DOH said Omicron XE was detected in Bangkok, Thailand.

The health agency, with the assistance of the Philippine Genome Center (PGC), said that it is continuously monitoring case trends and conducting genomic surveillance activities amidst the threat of new and existing variants.

"We continue to implement our 4-door strategy to prevent initial entry of the variant to the country," DOH stated.

The agency reminded the public that vaccines, in addition to adhering to the minimum public health standards and now more importantly, everyone, especially our elderly, the immunocompromised, those with comorbidities, and children are highly encouraged to get vaccinated and boosted.

A DOH official stated last month that the government is more prepared to confront future contagions and that the health sector learned a lot in terms of response.

"Alam na ho natin kung paano ho i-prepare natin sarili natin sa next pandemic (We know now how to prepare ourselves for the next pandemic)," DOH Undersecretary Leopoldo Vega said in a Laging Handa public briefing last month.

Meanwhile, Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire explained in a press briefing last week that the country can no longer close or open the borders whenever there is a surge in other parts of the world. She said that the government must be able rely on the strategies implemented to protect the population.

Opening of borders, according to her, does not equate to having no safeguards to detect any variants or Covid-19 infected passengers. She made the statement following a question regarding the spike of Covd-19 cases being experienced in other parts of the world.

# SSS RACE CAMPAIGN ISINAGAWA SA CAVITE

Isinagawa kamakailan ng Social Security System (SSS) ang Run After Contribution Evaders (RACE) sa Imus, Cavite upang paalalahanan ang mga delingkwenteng employers na tuparin ang obligasyon sa kanilang mga empleyado. Sampung employers ang binisita ng RACE Team dahil hindi sila nakapagremit ng SSS contributions ng kanilang mga empleyado.

Makikita sa larawan si Senior Analyst Sheilamarie B. Alconera ng SSS Bacoor habang ipinapaliwanag sa employer ang nilalaman ng Written Order pati ang kahalagahan ng pagbabayad ng kontribusyon sa SSS sa takdang panahon. Pinayuhan din ni Alconera ang employer kung ano ang dapat gawin para maisakatuparan ang kanilang mga obligasyon sa SSS. Kabilang dito ang pagaaply sa Pandemic Relief and Restructuring Program 2 o Condonation on Penalties on Social Security (SS) Contribution na magtatapos sa Mayo 19, 2022 at Pandemic Relief and Restructuring Program 3 o ang Enhanced Installment Payment Plan na hanggang November 22, 2022.###



